# Philippine Biblical Worldview Institute

## Certificate in Biblical Studies
## Course100 Primeval History

### CBS103 Ang Pagkahulog sa Kasalanan
**Conrad Jun Tolosa**

***Ang Pagkahulog sa Kasalanan***

Inilagay ng Diyos si Adan sa Garden of Eden upang bungkalin ito at pagyamanin. At inutusan ng Diyos si Adan: Malaya kang makakakain ng ano mang prutas dito sa hardin; subalit huwag kang kakain mula sa puno ng pagkaalam ng mabuti at masama, dahil kapag kumain ka nito tiyak na ikaw ay mamamatay. Samakatuwid, ang kalayaang pinagkaloob ng Diyos sa tao ay may hangganan. Ang pagsuway sa utos ng Diyos ay magdudulot ng kamatayan. *Genesis 2:15-17*

Taglay ng *Genesis 3* ang salaysay ng pagkahulog ng tao sa kasalanan. Dito natin makikilala ang nilikha na pinakatuso sa lahat ng mga animal sa balat ng lupa - - ang ahas. Nang tuksuhin ng ahas ang tao, piniling paniwalaan ng tao ang salita ng ahas kaysa sa salita ng Diyos. Nang kumain si Adan ng pinagbabawal na prutas, siya ay namatay ayon sa salita ng Diyos. Tinuturo ng Bible na ang kasalanan ay pumasok sa sanlibutan sa pamamagitan ni Adan at ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan. *Romans 5:12, 6:23*

***Ang Epekto ng Kasalanan***

Ang buong mundo at ang lahat ng nananahan dito ay naapektuhan ng kasalanan ng tao. Naghari ang kamatayan. Lahat ng may buhay ay may simula at may katapusan. Kahit ang lupa ay naapektuhan din. Nagsimulang umusbong dito ang mga halamang may tinik at lason. Sa tindi ng epekto ng kasalanan sa mundo, kakailanganin ang pagbabago ng lahat ng bagay sa pamamagitan ng apoy. *Matthew 19:29, 2 Peter 3:7-12*

***Ang Epekto ng Kasalanan kay Adan.*** Kamatayan nga ang naghihintay sa bawat tao sa dulo ng kanyang lakbayin. Subalit habang may buhay, hindi maiiwasan ang pagdanas ng iba't ibang uri ng sakit, hirap at pighati na sanhi ng kasalanan. Nagsimulang makaramdam si Adan ng hiya, ng takot at tendency na magtago sa Diyos. At dahil hindi niya kayang umamin sa sariling kasalanan, natuto siyang manisi ng iba. Pati ang Diyos ay nakuha niyang sisihin. Ang paglalaan ng makakain sa pamilya ay naging mahirap para sa kanya. *Genesis 3:7-12, 17*

***Ang Epekto ng Kasalanan kay Eba.*** Dahil sa kasalanan, naging mahirap ang gagawing panganganak ng mga kababaihan. Nagkaroon si misis ng strong tendency na pasunurin si mister bagamat siya ay tinalaga na magpasakop sa kanyang asawang lalaki. Madalas nararapat paalalahanan ang asawang babae na dahil sa parusa ng Diyos, naging natural sa kanya ang piliting controlin ang kanyang asawa. Kaya, kinakailangan namang manindigan ang asawang lalaki sa pangunguna ng pamilya dahil isa sa gawain ng leadership ay maglaan ng control para walang sisihan, para walang gulo. *Genesis 3:16*

***Ang Epekto ng Kasalanan sa Sangkatauhan.*** Mahalaga na maunawaan natin ito: Ang kasalanan ay pumasok sa sangkatauhan sa pamamagitan ni Adan; at kamatayan sa pamamagitan ng kasalanan. Kaya nga ang kamatayan ay dumarating sa lahat ng tao sapagkat lahat ay ipinapanganak na makasalanan. At kaya nga masasabi na kay Adan lahat ay namatay. *Romans 5:12-17; Psalms 51:5; 1 Corinthians 15:22*

Sa simula, natural sa tao ang sumamba at maglingkod sa Diyos. Subalit matapos siyang magkasala, ang hilig niya ay naging pagsamba at paglilingkod sa sarili. Ang dati niyang taglay na karunungan ay nahaluan na ng kasinungalingan; ang kanyang katuwiran ay naging makasariling katuwiran; at ang kanyang kabanalan ay napalitan ng karumihan. Ang lahat ng ito ay resulta ng kanyang pagsuway sa salita ng Diyos.

***Ang Epekto ng Kasalanan sa Kalikasan.*** Bago nahulog sa kasalanan ang tao, ang mga isda, ibon at hayop ay mapayapang namumuhay nang walang kagustuhang masama sa isa't isa. Dahil sa ang lupa ay sinumpa ng Diyos bunga ng pagkakasala ni Adan, nagkaroon ng bangis ang marami sa isda, ibon at hayop. Tinatawag na predators ang mga pumapatay at preys ang tawag naman sa mga nabibiktima. Ang pating, balyenang orca, barracuda, agila, lawin, falcon, leon, tigre, hyena, ahas ang ilang halimbawa ng mga predators na isda, ibon at hayop. Mayroon ding mga halaman at bulaklak na nagkaroon ng tinik at lason sa kanilang mga sanga. Kaya sinasabi na ang kasalanan ay mayroong far-reaching effects o malawak at marami ang naapektuhan nito.

Maraming bunga ang kamatayan. Actions have consequences. Kaya ang babala sa *Proverbs 4:23* ay ganito: Pakabantayan mo ang iyong puso, sapagkat nagmumula rito ang tatahakin ng iyong buhay. Ang sinasabi naman sa *James 1:14* ay ito: natutukso tayo kapag hinahayaan natin na tayo ay makaladkad ng sarili nating pagnanasa at mahimok. At kapag ang pagnanasang iyon ay nabuo na, ito ay manganganak ng kasalanan, at paglaki ay mauuwi sa kamatayan. Samakatuwid, mayroong external at mayroong internal na epekto ang kasalanan. Ang target ng kaaway ay laging ang puso ng tao.

***Multiple Choice:***

1. Alin ang tamang statement?
    a. Ang kalayaan na ipinagkaloob ng Diyos sa tao ay walang hangganan.
    b. May kalayaan ang tao na suwayin ang utos ng Diyos subalit ito ay may consequence.
    c. Malaya ang tao na pakinggan ang sinabi ng ahas sapagkat ang kanyang sinabi ay makatotohanan.

2. Alin ang statement na hindi tama?
    a. Ang kasalanan ay pumasok sa sanlibutan nang si Eba ay magkasala.
    b. Ang kasalanan ay pumasok sa sanlibutan sa pamamagitan ni Adan.
    c. Ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan.

3. Alin ang tamang statement?
    a. Ang kamatayan ay bunga ng kalikasan ng tao.
    b. Ang kamatayan ay bunga ng kasalanan. Lahat ay nagkasala, samakatuwid ang lahat ay mamamatay.
    c. Walang nakakaalam kung bakit ang tao ay namamatay pagkalipas ng ilang taong buhay sa mundo.

4. Alin ang tamang statement?
    a. Sina Adan at Eba lamang ang naapektuhan ng kasalanan.

b. Ang kalikasan ay hindi masyadong naapektuhan ng kasalanan dahil ang lupa ay nagbibigay pa rin ng pagkain sa tao.
c. Ang buong mundo at ang lahat ng nananahan dito ay naapektuhan ng kasalanan ng tao.

5. Alin ang statement na hindi tama?
   a. Kapag ang pagnanasa sa puso ng tao ay nabuo na, ito ay manganganak ng kasalanan.
   b. Mayroong internal at external effect ang kasalanan sa tao.
   c. Ang tukso ay nanggagaling sa Diyos.

© Revised April 2023 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.